Huwag magpaloko sa mga ilegal o walang lisensiyang kontratista.

Bago kumuha ng kontratista at lumagda sa kontrata para sa home repair, tumawag muna sa Contractors State License Board sa 1-800-321-CSLB (2752).

Mahalagang Paalala

■ **Huwag** maging biktima. **Mag-ingat** maraming mga manloloko na nagpapanggap na kontratista na bumibiktima sa mga consumers.

■ **Makipag-ugnay lamang** sa mga lisensiyadong kontratista.

■ **Huwag** magmadali, kahit pa kailangan nang ipaayos agad ang bahay.

■ **Huwag** kunin kaagad ang unang dumating na kontratista

■ **Hingin** ang "pocket license" ng kontratista o ang kanyang Home Improvement Sales Registration.

Lahat ng kontratista ay binibigyan ng pocket licenses para ipakita ang linya ng trabaho na kung saan sila ay lisensiyado at ang expiration date nito. Humingi ng karagdagang ID para malaman kung sino ang inyong kinakausap.



Tumawag sa Contractors Board

■ **Nararapat na tumawag** sa Contractors State License Board para masiguro na ang mga information na bigay ng kontratista sa 1-800-321-CSLB (2752), o mag-log on sa Internet sa www.csla.ca.gov. Ihanda ang pangalan ng kontratista, license number at address ng opisina.

■ **Kumuha** ng huwag bababa sa tatlong alok at humingi ng mga halimbawa ng mga natapos na gawa ng kontratista sa inyong lugar.

■ **Humingi** ng booklet "What You Should Know Before You Hire a Contractor" (Nararapat na Malaman Bago Kumuha ng Kontratista) o mga sulatin para makatulong sa inyong pagpasya sa pagkuha ng kontratista. Tumawag sa 1-800-321-CSLB (2752) para umorder, o mag-download ng order form sa Internet sa www.cslb.ca.gov.

Mga Information sa Pagbabayad

■ **Huwag** magbayad ng cash.

■ **Huwag** magbayad hangga't hindi tapos ang trabaho, at huwag magbayad ng buo bago simulan ang trabaho.

■ **Dapat** malaman kung magkano ang deposito.

Ayon sa state law, kung may home improvement o repair job, ang mga kontratista ay hindi maaaring humingi ng deposito na higit sa 10% ng kabuoang halaga ng trabaho o $1000, o kung ano man ang mas mababang halaga maliban kung ang kontratista ay magpakita ng bond, approved bond equivalent, o approved joint control na magpapatunay ng pagtatapos ng kontrata. Ano mang bond ay karagdagan sa lahat ng mga nararapat na bond para sa lahat ng kontratista para sa pagkuha ng lisensiya.

■ **Humingi** ng kasulatang kontrata at **huwag** lagdaan hangga't hindi naiintindihan ang mga sinasabi nito.

Bago lagdaan ang kontrata;
Bago magbayad sa mga repair;
Tumawag sa Contractors State License Board toll free:

1-800-321-CSLB

o mag-log on sa Internet sa

www.cslb.ca.gov

Kung hihingin, ang Contractors State License Board ay magbibigay ng information tungkol sa lisensiya ng kontratista, ang bond status, at workers' compensation pati ang mga kasalukuyan at nakaraang legal actions nito.

■ License Status

Kung nais mo ng information tungkol sa status ng lisensiya ng kontratista, tumawag sa Board toll free sa teleponong 1-800-321-CSLB (2752), o mag log on sa Internet sa www.cslb.ca.gov

■ Mga Nakaraang Legal Actions

Kung nais niyong information tungkol sa mga nakaraang lisensiya ng kontratista, o mga kasalukuyang legal actions nito, tumawag lang po sa telepono sa nararapat na Region Office's Legal Action Disclosure sa:

Northern Region (916) 255-4041
Southern Region (916) 466-6021

■ Forms para sa reklamo

Kung may reklamo laban sa kontratista, tumawag sa Board sa 1-800-321-CSLB (2752) at humingi ng kopya ng "A Consumer Guide to Filing Construction Complaints" (Mga gabay sa pag-sumite ng reklamo laban sa kontratista) at ang complaint form.

Alam ng CSLB kung ang kontratista ay lisensiyado, at kung maayos gumawa, at kung siya ay nababagay sa inyong pangangailangan.

Maraming magagawa para hindi maloko bago kumuha ng kontratista kaysa sa umasa sa Contractors State License Board kung kayo'y naloko o nasaktan. Tumawag o bumisita ngayon sa web-site para sa mahalagang information sa pagpili ng kontratista.

Ang Contractors State License Board ay may mga sangay sa buong California. Para sa numero ng telepono at address ng pinakamalapit na opisina sa inyong lugar, tumawag sa Board toll free automated information number sa:

1-800-321-CSLB

o mag-log on sa Internet sa:

www.cslb.ca.gov

P.O. Box 2600, Sacramento, CA 95826

Nararapat at hindi nararapat sa California Consumers

Ano ang dapat malaman

BAGO KUMUHA NG KONTRATISTA

CSLB

Get information to build on!
CALIFORNIA CONTRACTORS STATE LICENSE BOARD

© 1999 CSLB